

COVID-19 Sertipiko ng Bakuna

(Gagamitin sa buong Japan at Pang Internasyonal)

Ang Sertipiko ng bakuna ng COVID-19 ay ibinibigay bilang opisyal na katibayan ng COVID-19 na pagpapabakuna para sa mga nabakunahan na sa kanya-kanyang munisipalidad sa ilalim ng batas ng Japan ukol sa bakuna.

Ang sertipiko ng bakuna ay magagamit sa iba't-ibang sitwasyon, gaya ng paglalakbay sa ibang bansang pandaigdigang, kapag papasok o babalik sa Japan (upang mahirang at mapaluwag ang pag-kwarantining habkangin), o kapag magbibiyaha sa loob ng Japan (upang mahirang para sa maluwag na pagkilos atbp..).

SINO ANG KARAPAT-DAPAT?



Lahat nang mga tumanggap na ng bakuna laban sa COVID-19 sa Japan.



Lahat nang mga tumanggap na ng bakuna sa labas ng Japan (ang mga hindi nabakunahan sa ilalaim ng Japanese Vaccination Law) ay karaniwang hindi karapat-dapat.




①

Para sa Papel na Sertipiko ng Bakuna

②

Para sa Digital na Sertipiko ng Bakuna



SAAN MAG-AAPLAY?

Mangyaring mag-aplay po sa siyudad, bayan o nayon kung sino ang nagbigay ng vaccination vouchers (karaniwan sa munisipalidad kung saan naka-rehistro ang inyong tirahan).

Mangyaring mag-rehistro gamit ang Digital na Sertipiko ng Bakuna smartphone app. Para sa mga detalye kung paano i-download at gamitin ang apps, mangyaring siyasatin ang Digital Agency website (ito po ay sa Nihonggo lamang).

MGA DOKUMENTONG KAKAILANGANIN

- (1) Application form *1
- (2) Balidong pasaporte para sa inyong paglakbay *2
- (3) Dokumentong nagsasaad ng numero nang kupon ng bakuna (tulad ng bahagi ng "vaccination voucher", "Sertipiko ng Bakuna para sa COVID-19" na may voucher number) *3

*1 Ang application form ay makukuha sa bawat munisipalidad.

*2 Ang numero ng pasaporte na nasa sertipikasyon ng bakuna at ang numero ng nasa pasaporte na gamit sa inyong paglalakbay ay kailangang pareho. Kung ang numero ng inyong pasaporte ay nabago pagkatapos maibigay ang inyong sertipikasyon ng bakuna, mangyaring mag-aplay para sa bagong sertipikasyon kalakip ang bagong numero ng pasaporte. Kung ang inyong pasaporte ay nasa proseso pa ng aplikasyon, mangyaring mag-aplay para sa bagong sertipikasyon ng bakuna matapos na makuha ang inyong bagong pasaporte. Ang mga dayuhang nasyonalidad ay maaaring gumamit ng mga pasaporte at mga katulad na dokumentong paglakbay na ibinigay ng inyong gobierno para sa aplikasyon ng sertipiko.

*3 Kung kayo ay walang dokumento (3), kailangan ninyong mag-prisinta ng dokumento nang inyong "My Number" na ibinigay ng Gobierno ng Japan tulad ng kopya ng inyong sertipiko ng tirahan kalakip ang My Number, maaari ring gamitin ang inyong personal na ID na may kalakip nang inyong tirahan sa panahon ng inyong pagpapabakuna.

- (1) My Number Card + PIN (4 na numero)
- (2) Balidong pasaporte para sa inyong paglalakbay *1

Tandaan: PIN ay 4-na numero na inyong ipinarehistro sa bawat munisipalidad sa oras ng pagkatanggap ng inyong My Number Card.

Tandaan: Dahil sa kailangan ninyong i-iscan ang mga dokumento gamit ang smartphone, kailangan ninyo ang orihinal na mga kopya nang inyong pasaporte at ang inyong My Number Card.



*1 Ang numero ng inyong pasaporte na nasa sertipiko ng bakuna at ang numero na nasa inyong pasaporte na gamit sa inyong paglalakbay ay kailangang pareho. Kung ang numero ng inyong pasaporte ay nabago matapos maibigay ang sertipikasyon ng bakuna, mangyaring mag-aplay nang bagong sertipikasyon kalakip ang bagong numero ng pasaporte. Kung ang inyong pasaporte ay nasa proseso pa ng aplikasyon, mangyaring mag-aplay nang sertipikasyon ng bakuna pagkatapos matanggap ang bagong pasaporte. Ang mga dayuhang nasyonalidad ay maaaring gumamit ng mga pasaporte at mga katulad na dokumentong paglakbay na ibinigay ng inyong gobierno para sa aplikasyon ng sertipiko.

BABALA

- Ang mga kailangang dokumento ay maaaring magkaiba depende sa munisipalidad kaya mangyaring siyasatin bago magbigay ng inyong aplikasyon.
- Maaaring kumain ng oras bago maibigay ang papel na sertipiko kaya mag-aplay ng mabuti sa lalong madaling panahon.
- Para sa digital (smartphone) sertipiko ng bakuna, isang kulay rosas na My Number card ay kailangan para sa aplikasyon. Mangyaring tandaan na kayo ay hindi maaaring mag-aplay gamit ang kulay berdeng abiso na card. Kung kayo ay walang My Number card, maaari kayong mag-aplay ng panibago, subalit ito ay matatagalan bago maibigay (mga isang buwan).

MGA PAGTATANONG

Impormasyon ukol sa mga proseso ng pagbibigay at mga nilalaman ng mga sertipiko ng bakuna para sa mga partikular na mga munisipalidad

Mangyaring magsiyasat nang impormasyon ng munisipalidad kung saan kayo ay nag-aplay o kumontak sa munisipalidad ng direktso.

Mga pagtatanong ukol sa kung paano gamitin ang COVID-19 Sertipiko ng Bakuna sa digital na aplikasyon

Mangyaring magsiyasat sa [website nang Digital Agency](#) (ito po ay sa Nihonggo lamang).

Mga Pangkalahatang Katanungan ukol sa mga sertipiko ng bakuna

Ministry of Health & Labour, at Welfare Call Center para sa mga COVID-19 na bakuna
Telepono: Mula sa Japan 0120-761-770 (libre)

Mula sa labas ng Japan (+81) 50-3734-0348 (may bayad ang mga tawag)

- Hapones, Ingles, Koreano, Tsina, Portuges, Espanyol: 9:00am - 9:00pm
- Thai: 9:00am - 6:00pm
- Biyetnam: 10:00am - 7:00pm

